TUTULAN ANG BATAS MILITAR!

IBASURA ANG PROCLAMATION 1959! IBASURA SI GLORIA!

Ginulat ni Gng. Gloria Macapagal-Arroyo ang sambayanan nang ibaba nito ang batas militar at suspendihin ang writ of habeas corpus sa Maguindanao noong Disyembre 4 sa pamamagitan ng Proclamation 1959. Ito ang kauna-unahang pagkakataon mula nang diktadurang Marcos na idineklara ang batas militar sa isang bahagi ng bansa. Ginamit na palusot ni Arroyo ang diumano'y banta ng rebelyon ng mga armadong tagasuporta ng pamilyang Ampatuan, ang itinuturong utak sa karumal-dumal na Ampatuan masaker noong Nobyembre 23.

Sinakyan ni Arroyo ang matinding galit ng publiko sa Ampatuan massacre upang bigyang katwiran ang batas militar. Kailangan daw ito upang mabilis na madakip ang mga Ampatuan, malansag ang private army nito, at agad na mabigyang hustisya ang may 57 biktima ng masaker, kabilang ang 31 mamamahayag at dalawang babaeng abogado.

Dapat lang na agad mabigyan ng katarungan ang mga biktima ng Ampatuan massacre at kanilang pamilya pero hindi kailangan ang batas militar upang magawa ito. Sinasabi ng mga eksperto sa batas na sapat na ang isang matino, desidido, at kapani-paniwalang imbestigasyon upang dakpin at kasuhan ang mga itinuturong nasa likod ng Ampatuan massacre.

Ayon pa sa kanila, walang batayan ang sinasabing banta ng rebelyon sa Maguindanao. Ayon sa Konstitusyon, tanging sa panahon lamang rebelyon o paglusob ng dayuhan maaaring ipataw ang batas militar. Ang nangyari sa Maguindanao ay di maituturing na paglusob o rebelyon dahil wala namang mga armadong nag-aalsa laban sa gobyerno. Sa katunayan pa nga ay kontrolado na ng gobyerno ang probinsya bago pa man ang deklarasyon ng batas militar.

PANANATILI SA PODER ANG NASA LIKOD NG BATAS MILITAR

Lumalabas na hindi tungkol sa pagkakamit ng hustisya ang motibo ng Malacañang sa pagdeklara nito ng batas militar sa Maguindanao. Ang tunay na layunin ay subukan kung uubra ang batas militar bilang paraan ng mas matinding panunupil ng estado at gamitin ito katulad noong panahon ni Marcos upang makapanatili sa poder si Arroyo. Kung makalulusot ang Proclamation 1959, wala nang makakapigil sa administrasyong Arroyo upang ideklara ito sa iba pang lugar. Maaaring muling gamiting palusot ang paglaban sa mga warlord at private army o iba pang dahilan.

Sa pagpataw ng batas militar, may malaking panganib na madiskaril o hindi matuloy ang eleksyon. Hindi malayong gumawa ng kung anu-anong kaguluhan ang Malacañang sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at pagkatapos ay magdeklara ng batas militar para di matuloy ang halalan. Sa ganitong sitwasyon makakapanatili sa kapangyarihan ang administrasyong Arroyo lagpas sa 2010.

Lubhang mahalaga para kay Arroyo at mga kaalyado nitong pulitko at kroni na makapanatili sa kapangyarihan sa kahit na anong paraan. Nais nina Arroyo na iwasan ang maraming kasong tiyak na haharapin nila kung wala na sila sa poder kabilang ang extrajudicial killings at mga paglabag sa karapatang pantao, pagnanakaw, pandarambong, pandaraya sa halalan, at pagbebenta sa soberanya ng bansa. Susi rin ito upang lalo pang magpayaman at gamitin ang gobyerno para patuloy na makinabang sa ekonomyang hindi nilulubayan ng krisis.

DAPAT MANAGOT ANG REHIMEN SA AMPATUAN MASSACRE AT LAHAT NG PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO

Ang rehimeng Arroyo ang pangunahing sumuporta at nagpalakas sa mga warlord na Ampatuan. Sa AFP at PNP nagmula ang armas ng kanilang private army. Si Arroyo ang pangunahing tagasuporta ng mga Ampatuan, kapalit ang boto ng probinsya para kay Arroyo at mga alyado niya. Kasabwat din dito ang gobyerno ng US na siyang pangunahing tagasuportang militar at dayuhang tagasuplay ng armas ng rehimen at ng AFP at PNP.

Ang administrasyong Arroyo rin ang lumikha ng climate of impunity, o ang kondisyong hindi napapanagot sa batas ang mga lumalabag sa karapatang pantao. Bago pa naganap ang Ampatuan massacre, umaabot na sa 1,108 ang sinasabing biktima ng extrajudicial killings habang umaabot naman sa 198 ang dinukot at hanggang ngayon ay hindi pa rin natatagpuan. Sa karamihang insidente ng pagpatay at pagdukot, itinuturong salarin ang mga militar, pulis, paramilitar at iba pang ahente ng estado. Napakaliit na bilang lamang ng mga salarin ang naaresto at nakulong. Karamihan sa mga biktima ay wala pa ring hustisyang natatamo. At sa kaso ngayon ng Ampatuan massacre, malinaw na plano rin ng gobyerno na patakasin ang mga salarin. Makikita ito sa paghahain ng kasong rebelyon sa mga Ampatuan sa halip na pagpatay o murder.

Dapat biguin ang lahat ng tangkang manatili sa poder si Arroyo. Dapat labanan ang Martial Law.

TUTULAN ANG BATAS MILITAR SA MAGUINDANAO!
IBASURA ANG PROCLAMATION 1959!

KATARUNGAN PARA SA MGA BIKTIMA NG AMPATUAN MASSACRE AT LAHAT NG BIKTIMA NG PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO!

PATALSIKIN ANG PAPET AT PASISTANG REHIMENG US-ARROYO!

Disyembre 2009

Karapatan Alliance for the Advancement of People's Rights
Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)